IR1093 | Setyembre 2024

PAPEL-KAALAMAN

# Paninirahan sa New Zealand para sa buwis – mga bagong migrante

**Ang impormasyong ito ay nagpapaliwanag sa mga tuntunin tungkol sa paninirahan sa New Zealand para sa buwis na may kaugnayan sa mga bagong migrante. Ipinapaliwanag din nito kung ano ang kailangan mong ibigay sa Inland Revenue kapag humihiling ng kumpirmasyon ng katayuan ng iyong paninirahan para sa buwis para sa iyong aplikasyon sa permanent resident visa sa Immigration New Zealand.**

## Kung ikaw ay isang residente ng New Zealand para sa buwis

1. Karaniwan, kung ikaw ay residente ng New Zealand para sa buwis, dapat kang magbayad ng buwis sa New Zealand sa iyong kinikita sa buong mundo.
2. Ang paninirahan para sa buwis ay kaugnay din kung maaari kang makatanggap ng Working for Families tax credits (mga credit sa buwis ng Nagtatrabaho para sa mga Pamilya), kabilang ang Best Start (kabayaran para sa mga pamilyang may bagong silang na anak). May iba pang mga kahingian na dapat ding matugunan, kabilang dito na hindi pansamantalang entry class visa ang hawak mo sa New Zealand.
3. Ang mga bagong migrante ay maaaring makakuha ng pansamantalang exemption sa pagbabayad ng buwis sa karamihan ng mga uri ng kita mula sa ibang bansa. Ang pansamantalang exemption na ito ay tatagal ng humigit-kumulang 4 na taon.
4. Kung gagamitin mo ang pansamantalang exemption sa pagbabayad ng buwis, ikaw at ang iyong asawa/partner ay hindi maaaring tumanggap ng Working for Families tax credits (kabilang ang Best Start). Kung alinman sa inyo ay mag-aaplay para sa Working for Families tax credits, mawawala sa inyo ang pansamantalang exemption sa pagbabayad ng buwis. Hindi ka na makakapagbago ng isip kapag nagawa mo na ito.

## Kapag ikaw ay naging residente ng New Zealand para sa buwis

5. Ikaw ay magiging residente ng New Zealand para sa buwis kung ikaw ay:
   - nakapanatili na sa New Zealand nang **mahigit sa 183 araw** sa loob ng isang 12-buwan, o
   - mayroong **permanenteng tirahan** sa New Zealand.

### Ang 183-araw na tuntunin

6. Karamihan sa mga bagong migrante sa New Zealand ay magiging residente ng New Zealand para sa buwis sa ilalim ng 183-araw na tuntunin. Ito ay dahil kapag ikaw ay nakapanatili na sa New Zealand nang mahigit sa 183 araw sa loob ng 12 buwan, magsisimula sa unang araw ang iyong paninirahan para sa buwis.
7. Maaaring magsimula nang mas maaga ang iyong paninirahan para sa buwis, kung mayroon kang permanenteng tirahan sa New Zealand bago ang unang araw na binibilang para sa 183-araw na tuntunin (tingnan mula sa [9]).
8. Dahil ang iyong paninirahan para sa buwis ay magsisimula sa unang araw ng 183 araw, maaari kang maging residente ng New Zealand para sa buwis mula sa isang petsa bago ka lumipat dito. Halimbawa, maaari itong mangyari kung dumating ka sa New Zealand para mag-holiday o interbyuhin para sa trabaho bago ka lumipat dito.

### Pagkakaroon ng permanenteng tirahan sa New Zealand

9. Ang isa pang paraan na maaari kang maging residente ng New Zealand para sa buwis ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng permanenteng tirahan dito.
10. Magkakaroon ka ng permanenteng tirahan sa New Zealand kung ikaw ay mayroong bahay o apartment o iba pang tirahan (isang tirahan) sa New Zealand kung saan ka palagi o karaniwang nakatira. Hindi kailangang manirahan ka roon sa lahat ng oras.
11. Hindi mahalaga kung mayroon ka ring permanenteng tirahan sa ibang bansa. Basta't mayroon kang permanenteng tirahan sa New Zealand, ikaw ay magiging residente para sa buwis dito. Hindi mahalaga kung saan ka gugugol ng mas maraming oras o alin ang iyong itinuturing na pangunahin mong bahay.
12. Hindi mo kailangang magmay-ari ng propyedad para maging permanente mong tirahan ito. Maaaring ito ay propyedad na iyong inuupahan, hawak sa kumpanya o trust, o na ang may-ari nito ay isang kapamilya. Maaaring maging permanente mong tirahan ang isang inuupahang bahay o apartment kahit na mayroon kang yugtuang pangungupahan (periodic tenancy) (hindi isang may-takdang pangungupahan (fixed-term tenancy)).

13. Upang alamin kung ikaw ay mayroong permanenteng tirahan sa New Zealand, dapat isaalang-alang ang lahat ng iyong mga sirkumstansya. Kabilang dito:

- ang panahong iyong ginugugol sa New Zealand at wala sa New Zealand, at
- ang iyong mga pangkalahatang ugnayan sa iyong tirahan at sa New Zealand, gaya ng:
  - paggamit mo sa tirahan,
  - ano ang iyong mga pakay (halimbawa, kung ikaw ay nagpaplanong manatili sa New Zealand o narito ka lamang pansamantala),
  - anong ugnayang pampamilya at panlipunan ang mayroon ka sa New Zealand (halimbawa, nakatira sa New Zealand ang iyong asawa/partner at mga anak, pagiging miyembro ng mga club at iba pa sa New Zealand),
  - kung ikaw ay may trabaho, negosyo o iba pang ugnayang pangkabuhayan sa New Zealand, at
  - saan matatagpuan ang iyong personal na ari-arian.

## Kailan ka hihinto sa pagiging residente ng New Zealand para sa buwis

14. Hihinto ka sa pagiging residente ng New Zealand para sa buwis kung ikaw ay:

- walang permanenteng tirahan sa New Zealand, at
- wala sa New Zealand nang mahigit sa 325 araw sa loob ng 12 buwan.

15. Kung mayroon ka pa ring permanenteng tirahan sa New Zealand, magiging residente ka pa rin ng New Zealand para sa buwis, maski na wala ka sa New Zealand nang mahigit sa 325 araw.

16. Kapag wala ka sa New Zealand nang mahigit sa 325 araw sa loob ng 12 buwan, ikaw ay hindi na residente ng New Zealand para sa buwis mula sa unang araw na ikaw ay wala, basta't wala kang permanenteng tirahan sa New Zealand.

## Kumpirmasyon ng iyong paninirahan para sa buwis para sa iyong aplikasyon sa permanent resident visa

17. Kapag nag-aplay ka para sa isang permanent resident visa, kailangan mong kumuha ng kumpirmasyon ng katayuan ng iyong paninirahan para sa buwis mula sa Inland Revenue. Kung kailangang gawin mo ito nang agaran, kailangan mong makipag-appointment sa isang tanggapan ng Inland Revenue sa pamamagitan ng pagtawag sa 0800 775 247.

18. Kapag pupunta ka sa Inland Revenue, dalhin mo ang mga sumusunod na dokumento:

- Kumpirmasyon ng Katayuan ng Paninirahan para sa Buwis (INZ 1006) form
  *Makukuha mo ang form na ito sa website ng Immigration New Zealand:*
  **Application forms, guides and checklists | Immigration New Zealand**
- Photo ID (pasaporte)
- Nakumpletong IR886 form
  *Makukuha mo ang form na ito sa website ng Inland Revenue:*
  **View all forms and guides (ird.govt.nz)**
- Mga paglalakbay (mga petsa ng pagdating at pag-alis)
  *Makukuha mo ito mula sa Immigration New Zealand sa pamamagitan ng pagtawag sa 0508 558 855. Maaaring abutin ng 2 araw ang turnaround time.*

19. Kung hindi agaran ang iyong aplikasyon, maaari mo itong i-submit sa pamamagitan ng web message mula sa iyong myIR account. Dapat mong ilakip ang INZ 1006 form at ang mga rekord ng iyong paglalakbay (mga petsa ng pagdating at pag-alis) mula sa Immigration New Zealand. Maaaring gustuhin mo ring isama ang nakumpletong IR886 form para tulungan kaming maproseso ang iyong aplikasyon.

20. Ang mga pamantayang kailangan mong matugunan sa pagkumpirma ng katayuan ng iyong paninirahan para sa buwis ng Inland Revenue ay ang mga pamantayan sa ilalim ng mga batas sa pagbubuwis ng New Zealand, na ipinaliwanag sa papel-kaalamang ito. Ang mga kahingian sa paninirahan para sa buwis ay kakaiba sa iba pang mga kahingian ng Immigration New Zealand.

21. Bago ka humiling sa Inland Revenue ng kumpirmasyon ng katayuan ng iyong paninirahan para sa buwis, dapat mong tiyakin na up to date ang pagkumpleto mo ng iyong New Zealand tax return at naideklara mo sa amin ang lahat ng iyong kita, kabilang ang mga kinita sa ibang bansa.

## ird.govt.nz

Pumunta sa aming website para sa impormasyon at paggamit ng aming mga serbisyo at tool.

- **Mag-log in o magparehistro para sa myIR** sa online upang pamahalaan ang iyong buwis at mga karapatang tanggapin.
- **Mga demonstrasyon** - matutunan ang tungkol sa aming mga serbisyo sa pamamagitan ng panonood sa mga maiikling video.
- **Gawin ito sa online** - magkumpleto ng mga form at tax return, magbayad, bigyan kami ng feedback.
- **Gawin ito** - gamitin ang aming mga calculator, worksheet at tool, halimbawa, upang alamin ang iyong tax code, humanap ng mga petsa ng pagsusumite at pagbabayad, pagkalkula ng iyong pagbabayad ng utang ng estudyante.
- **Mga form at gabay** - mag-download ng aming mga gabay at form.

Maaari ka ring mag-subscribe sa aming mga newsletter sa ird.govt.nz/subscribe at sundan kami sa Twitter @NZInlandRevenue.

Te Kāwanatanga o Aotearoa
New Zealand Government